8

Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO
## IKAAPAT NA MARKAHAN – MODYUL 3

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat/Tagalapat:** Emilie O. Perucho
**Tagasuri ng Nilalaman:** Esmeralda R. Igat /Rico C. Tarectecan
**Tagasuri ng Wika:** Esmeralda R. Igat
**Tagapamahala:** Malcolm S. Garma, Regional Director – NCR
Alejandro G. Ibañez, CESO VI, OIC- Schools Division Superintendent
Genia V. Santos, CLMD Chief – NCR
Loida O. Balasa, CID Chief SDO Navotas City
Ma. Gloria G. Tamayo, EPS Filipino – NCR
Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR
Rico C. Tarectecan, EPS Filipino SDO Navotas City
Grace R. Nieves, LR EPS SDO Navotas City
Nancy C. Mabunga, Librarian – NCR
Vergel Junior C. Eusebio, PDO II LRMS
Shirley Eva Marie V. Mangaluz, Librarian II LRMS

**Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili**

# Pangunahing Kaisipan ng Bawat Kabanata

## Inaasahan

Ang Florante at Laura ay isang obra maestra ng manunulat na si Francisco Baltazar . Upang higit na maunawaan ng mga nasa baitang walo ang akda sa SLEM na ito , ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1.Nabibigyang-kahulugan ang;- matatalinghagang ekspresyon – tayutay – simbolo (F8PT-IVc-d-34)
2. Nailalahad ang mahahalagang pangyayari sa napakinggang aralin (F8PN-IVc-d-34)
3. Nasusuri ang mga pangunahing kaisipan ng bawat kabanatang binasa (F8PB-IVc-d-34)
4. Nailalahad ang mahahalagang pangyayari sa aralin (F8PB-IVf-g-36)
5. Nakasusulat ng isang islogan na tumatalakay sa paksang aralin (F8PU-IVg-h-39)

## Unang Pagsubok

Narito ang maikling pagsubok na may layon na sukatin ang iyong kaalaman sa mga araling pag-aaralan.

**Panuto**: Piliin ang tinutukoy ng bawat bilang. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ang Florante at Laura ay obra maestra ni Francisco Baltazar. Ano ang ibig sabihin ng salitang obra maestra ?.
   A. una C. natatangi
   B. nag-iisa D. naiiba

2. Ang madilim at mapanglaw na gubat na kinagagapusan ni Florante sa kabanata1 ay tumutukoy sa :
   A. Madilim at walang kalayaang kalagayan ng bansa sa panahong iyon
   B. Madadawag na kagubatang nakapalibot sa panahong iyon
   C. Mga gawain ng mga kriminal na nakahahadlang sa pag-unlad ng sambayanan.
   D. Magulong kalagayan ng pamahalaan ng panahong iyon.

3.Ang mga syerpe ( ahas o serpiyente) at basilikong gumagala sa gubat ay tumutukoy sa ___.
   A. Mababangis na hayop sa gubat na anomang oras ay handang sumila o pumatay.
   B. Mga sakit o karamdaman na maaaring dumapo sa sinuman.
   C. Mga taong sakim at mapagsamantala sa kahinaan ng iba.
   D. Mga mananakop na tila nag-aabang upang makagawa nang masama sa mga Pilipino.

4. Ang kahabag-habag at nakagapos na si Florante sa puno ng higera ay nagpapakita ng kawalang _____ ng mga Pilipino sa panahong iyon.
   A. kayamanan
   B. kalayaan
   C. trabaho
   D. pagkain

5. Ang kabanatang may pamagat na " Hinagpis ni Florante " ay tumutukoy sa __ .
   A. pagtataksil ni Adolfo
   B. paghahari ng mga masasama sa Albanya
   C. pagtanaw sa mga masayang alaala nila ni Laura
   D. pakikipag-usap ni Florante sa kanyang namayapang ama at ina

6. Ang _____ ay salita o isang pahayag na ginagamit upang bigyan diin ang isang kaisipan o damdamin.

   A. Idyoma  C. Matalinghagang pananalita
   B. Tayutay  D. Masining na pananalita

7. Ano ang nais ipakahulugan ng saknong sa ibaba?

202 " Ang laki sa layaw karaniwa'y hubad
Sa bait at muni't sa hatol ay salat:
Masaklap na bunga ng maling paglingap,
Habag ng magulang sa irog na anak"

   A. Ang anak na pinalaki sa layaw ay nagiging matigas ang ulo.
   B. Ang anak na sunod lahat ng gusto ay lumalaking matalino
   C. Ang anak na pinalaki sa layaw ay lalaking walang respeto.
   D. Ang anak na lumaki sa layaw ay hindi matututong humarap sa mga pagsubok at kalungkutan ng magulang.

8. Ang taludtod na may salungguhit sa saknong ay halimbawa ng tayutay na__

10 " <u>Makinis ang balat na anaki'y burok,</u>
Pilik mata't kilay mistulang balantok,
Bagong sapong ginto ang kulay ng buhok,
Sangkap ng katawa'y pawang magkaayos. ,

   A. Pagtutulad  C. Pagmamalabis
   B. Pagwawangis  D. Pagtawag

9. Aling taludtod ang nagpapahayag ng tayutay na **pagtawag** sa saknong?

13 " Mahiganteng langit ! bangis mo'y nasaan?
Ngayo'y naniniig sa pagkagulaylay,
Bago'y ang bandila ng lalong kasam-an
Sa Reynong Albanya'y iniwawagayway

   A. Mahiganteng langit ! bangis mo'y nasaan?
   B. Ngayo'y naniniig sa pagkagulaylay,
   C. Bago'y ang bandila ng lalong kasam-an
   D. Sa Reynong Albanya'y iniwawagayway

10. Uri ng tayutay na nagbibigay buhay sa mga bagay, ginagamitan ng mga salitang pandiwa .

   A. Pagtutulad  B. Pagwawangis  C. Pagsasatao  D. Pagtawag

## Balik-Tanaw

Layon ng bahaging ito na masukat ang dati mo nang kaalaman tungkol sa may-akda ng Florante at Laura.

**Panuto**: Ilahad ang mahahalagang pangyayari sa buhay ni Francisco Balagtas Baltazar sa pamamagitan ng ' Flow Chart. Tignan sa ibaba ang pamantayan sa pagmamarka.

**Francisco Baltazar**

**Kapanganakan**

**Pag-aaral**

**Unang Pag-ibig**

**Kabiyak ng puso**

**Kamatayan**

**Pamantayan sa Pagmamarka**

| Pamantayan | Napakahusay ( 5 puntos ) | Mahusay ( 3 puntos ) | Nalilinang ( 1 puntos) |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | Kompleto at wasto ang lahat ng nilalaman.. | May ilang kakulangan ang mga nilalaman. | Maraming kakulangan sa nilalaman. |
| Baybay ng mga salita ,at pagbabantas. | Wasto ang gamit ng mga salita at, bantas . | May 1-3 pagkakamali sa paggamit ng salita ,at bantas. | May 4 o higit pang pagkakamali sa salita at bantas. |
| Organisasyon | Organisado, simple at malinaw ang daloy ng paglalahad. | Malinaw ang daloy ng paglalahad. | Hindi maayos at hindi malinaw ang paglalahad. |

## Maikling Pagpapakilala ng Aralin

Ang Florante at Laura ay obra maestra ni Francisco Balagtas Baltazar. Sa dahilang ito ay natatangi o pinakamahusay niyang akda. Ito ay naglalarawan sa tunay na kalagayan ng Pilipinas noon. Sa obrang ito ni Balagtas ay dalawang katotohanan ang nakapaloob sa akda,

Una, Ipinapakita nito ang kalunos- lunos na kalagayan ng Pilipinas noong sinusulat ang akdang ito. Nais ipabatid ng manunulat ang pagmamalupit ng mga taong may posisyon sa lipunan ,pagmamalupit dala ng kasakiman sa salapi

Pangalawa, ang kaawa-awang kalagayan ni Balagtas noong nakakulong siya sa Pandacan. Katulad ng isang Floranteng nakagapos sa puno ng higera sa gitna ng mapanglaw na gubat.

Para sa buod ng Florante at Laura puntahan ang link na ito.

https://youtu.be/dCIAnUBBXxg

## Gawain

**Gawain A**

**Panuto**: Isulat ang nais ipakahulugan ng bawat saknong ?


“ Sa isang madilim na gubat
Dawag na matinik ay walang pagitan.
Halos naghihirap ang kay Pebong silang
Dumalaw sa loob na lubhang masukal”

“ Sa sinapupunan ng Konde Adolfo.,
Aking natatanaw si Laurang sinta ko,
Kamataya’y nahan ang dating bangis mo
Nang di ko damdamin ang hirap na ito?

“ Ang laki sa layaw karaniwa’y hubad sa bait at muni’t sa hatol ay salat:masaklap na bunga ng maling paglingap.
Habag ng magulang sa irog na anak”

**Gawain B**

**Panuto**: Paghambingin ang pagkakaiba at pagkakatulad sa pamamagitan ng Venn Diagram sa ibaba.



Pagkakaiba Pagkakatulad Pagkakaiba

**Pamantayan sa Pagmamarka sa Gawain A at B.**

| Pamantayan | Marka ng Guro | Puna ng Guro |
|---|---|---|
| Kongkreto ang nilalaman. **( 10 puntos )** | | |
| Wasto ang gamit ng mga salita at bantas. **( 10 puntos )** | | |
| Nagpapakita ng kahusayan sa paglalahad. **( 10 puntos )** | | |
| **Kabuoan (30 puntos)** | | |

**Gawain C**

**Panuto:** Hanapin sa Hanay B ang uri ng tayutay na inilalahad ng bawat taludtod ng Florante at Laura sa Hanay A. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| _____1. ‘ ikaw na bulaklak niring dili-dili | A. Pagtutulad |
| _____2. ‘ bangkay man ako’y muling mabubuhay | B. Pagwawangis |
| _____3. “ ang kaluluwa ko’y kusang dumadalaw | C. Pagsasatao |
| _____4. “ parang korales ang iyong daliri | D. Pagtawag |
| _____5. ‘ ay! Laurang poo’y! bakit isinuyo | E. Pagmamalabis |

## Tandaan

**TAYUTAY**

Ang akdang Florante at Laura ay mayaman sa tayutay o mga pangugusap na nagbibigay diin sa pag-iisip at damdamin.

Ang **tayutay** ay **salita** o isang pahayag na ginagamit upang bigyan diin ang isang kaisipan o damdamin. Sinasadya ng pagpapahayag na gumamit ng talinghaga o di-karaniwang salita upang gawing mabisa, makulay at kaakit-akit ang pahayag.

**Ilan sa mga Uri ng Tayutay**

1. **Pagtutulad (Simile) –** Paghahambing ng dalawang magkaibang tao, bagay, pangyayari atbp, gamit ang mga salitang pahambing na; para, tulad, gaya, sing, magkasing, kawangis .

**Hal.** Ang kagandahan mo ay tulad sa isang angel.

2. **Pagwawangis (Metaphor)-** Paghahambing na kung saan ito ay hindi ginagamitan ng mga salitang pahambing **.**

**Hal.** Ang bilin ni inay ay sulong nagbibigay liwanag sa aking daraanan.

3. **Pagsasatao(Personification) –** Pagbibigay buhay sa mga bagay,ginagamitan ng pandiwa.

**Hal.** Tumatawa nang malakas ang mga puno

4. **Pagtawag( Apostrophe)-** Pagtawag o pakikipag-usap sa tao o bagay nang may masidhing damdamin, na animo’y kaharap ang kinakausap.

**Hal.** Galit, layuan mo ako magpakailanman.

5. **Pagmamalabis ( Hyperbole)-** Ito ay lubhang pinalalabis o pinakukulang ang katunayan o kalagayan ng tao,bagay,pangyayari at iba pa.
   **Hal.** Nabibiyak ang aking puso sa sakit na ginawa mo sa akin.

## Pag-alam sa mga Natutuhan

Ang araling ating tinalakay ay umiikot sa pagkakaroon ng hindi kanais-nais na pinuno. Sa anyo ng kanilang pamahalaang monarkiya ay wala silang karapatang maghalal o pumili ng mamumuno sa kanila. Mapalad tayo sa kasalukuyang panahon at sa bayang ating sinilangan kung saan ang anyo ng pamahalaan ay demokrasya. Malaya tayong pumili ng lider na mamumuno sa ating bayan.

Ilang taon pa lamang ang lumipas nang nagluklok tayo ng mga bagong lider ng bayan. Ang mga lider na ito ay may bagong pangako ng pagbabago. Naging masaya tayo nang manalo ang ating piniling kandidato at nalungkot naman nang matalo. Nagsimula nang magkaroon ng mga bagong patakaran at polisiya. Sumasang-ayon man tayo o hindi sa ilang patakaran ng naihalal na mga programang ipinatutupad nila. Ang paggalang sa mandato ng bayan ay tanda ng pagiging isang mabuting mamamayan. Hindi maisasakatuparan ang mga programa ng lider kung wala ang suporta ng taong-bayan. Gayunpaman, bilang mamamayan ay dapat pa rin tayong maging mapanuri at mapagmatyag upang walang umabuso sa puwesto. Dapat din nating palaganapin ang kamalayan sa pagpili ng mga ulirang lider ng bayan.

Ilang taon pa mula ngayon, kayong mga kabataan ay magsisimula nang bumoto ng mga kandidatong magiging pinuno ng bayan. Maging mapanuri at pumili ng mga lider na magsisilbi sa bayan at hindi inuuna ang pansariling kapakanan. At dahil alam mo na ang kahalagahan ng mabuting pagpili ng pinuno, mag-isip ka bilang isang miyembro ng isang pangkat na nagbabantay upang magkaroon ng malinis na halalan ng ating bayan.

**Gawain D**

**Panuto :** Gumawa ng isang islogan na hihikayat sa mga botante upang maging matalino sa pagpili ng tamang kandidato at maging masigasig sa pagtataguyod ng malinis na eleksiyon. Ilagay sa isang oslo paper ang isasagawang islogan. Narito ang pamantayan sa paggawa ng islogan.

**Pamantayan sa Paggawa ng Islogan**

| Napakahusay **(4)** | Mahusay **(3)** | Katamtaman **(2)** | Nangangailangan pa ng pagsasanay **(1)** | Puntos |
|---|---|---|---|---|
| Naipahayag nang epektibo ang mensahe sa nabuong likha. | Naipahayag nang bahagya ang mensahe sa nabuong likha. | Hindi gaanong naipahayag ang mensahe sa nabuong likha. | Walang naipahayag na mensahe sa nabuong likha. | |
| Napakahusay at higit pa sa inaasahang elementong display na biswal. | Mahusay at nakatugon sa inaasahang elementong display na biswal | Katamtaman ang elementong display na biswal. | Hindi maayos ang elementong display na biswal. | |
| Malinis at maayos ang kabuoan at naging kawili-wili sa tumitingin/ bumabasa. | Maayos ang kabuoan ng likha. | Katamtaman ang kaayusan at pang-akit ng likha. | Ordinaryo at hindi naging kaakit-akit ang likha. | |

## Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto**: Basahin at suriin ang bawat bilang. Isulat ang sagot sa sagutang papel .

1. Ang Florante at Laura ang obra maestra ni Francisco Baltazar. Ano ang ibig sabihin ng salitang obra maestra ?.
   A. una C. natatangi
   B. nag-iisa D. naiiba

2. .Ang mga syerpe ( ahas o serpiyente) at basilikong gumagala sa gubat ay tumutukoy sa ___.
   A. Mababangis na hayop sa gubat na anumang oras ay handing sumila o pumatay.
   B. Mga sakit o karamdaman na maaaring dumapo sa sinuman.
   C. Mga taong sakim at mapagsamantala sa kahinaan ng iba..
   D. Mga mananakop na tila nag-aabang upang makagawa nang masama sa mga Pilipino.

3. Ang madilim at mapanglaw na gubat na kinagagapusan ni Florante ay tumutukoy sa
   A. Madilim at walang kalayaang kalagayan ng bansa sa panahong iyon
   B. Madadawag na kagubatang nakapalibot sa panahong iyon

C. Mga gawain ng mga kriminal na nakakahadlang sa pag-unlad ng sambayanan.
D. Magulong kalagayan ng pamahalaan ng panahong iyo.

4. Ang kahabag-habag at nakagapos na si Florante sa puno ng higera .ay nagpapalita ng kawalang_____ng mga Pilipino sa panahong ito.
   A. kayamanan
   B. kalayaan
   C. trabaho
   D. pagkain

5. Ang kabanatang may pamagat " Hinagpis ni Florante " ay tumutukoy sa___ .
   A. pagtataksil ni Adolfo.
   B. paghahari ng mga masasama sa Albanya.
   C. pagbabalik- tanaw sa mga masasayang alaala nila ni Laura.
   D. pakikipag-usap ni Florante sa kanyang namayapang ama at ina.

6. Ang ______ay salita o isang pahayag na ginagamit upang bigyan diin ang isang kaisipan o damdamin.
   A. Idyoma
   B. Tayutay
   C. Matalinhagang Pananalita
   D. Masining na Pananalita

7. Ano ang nais ipakahulugan ng saknong sa ibaba?

   " Ang laki sa layaw karaniwa'y hubad
   Sa bait at muni't sa hatol ay salat:
   Masaklap na bunga ng maling paglingap,
   Habag ng magulang sa irog na anak"

   A. Ang anak na pinalaki sa laway nagiging matigas ang ulo.
   B. Ang anak na sunod lahat ng gusto lumalaking matalino
   C. Ang anak na pinalaki sa layaw lalaking walang respeto.
   D. Ang anak na lumaki sa layaw hindi matutong humarap sa mga pagsubok at kalungkutan ng magulang.

8. Ang taludtod na may salungguhit sa saknong ay halimbawa ng tayutay na__

   10 " <u>Makinis ang balat na anaki'y burok,</u>
   Pilik mata't kilay mistulang balantok,
   Bagong sapong ginto ang kulay ng buhok,
   Sangkap ng katawa'y pawang magkaayos. ,

   A. Pagtutulad
   B. Pagwawangis
   C. Pagmamalabis
   D. Panawagan

9. Uri ng tayutay na nagbibigay buhay sa mga bagay, ginagamitan ng mga salitang pandiwa
   A. Pagtutulad
   B. Pagwawangis
   C. Pagsasatao
   D. Pamamalabis

   .

10. Aling taludtod ang nagpapahayag ng tayutay na **pagtawag** sa saknong?

   13 " Mahiganteng langit ! bangis mo'y nasaan?
   Ngayo'y naniniig sa pagkagulaylay,
   Bago'y ang bandila ng lalong kasam-an

Sa Reynong Albanya'y iniwa-wagayway

A. Mahiganteng langit ! bangis mo'y nasaan?
B. Ngayo'y naniniig sa pagkagulaylay,
C. Bago'y ang bandila ng lalong kasam-an
D. Sa Reynong Albanya'y iniwa-wagayway

**Sanggunian**

Consulta, Alfredo (2003). Florante at Laura ,Binagong Edisyon. Isa -Jecho Publishing Quezon City.

Baisa-Julian G. et. al., 2018. Pinagyamang Pluma 8 (K to 12).Phoenix Publishing House, Inc.

https://www.coursehero.com/file/44961758/Florante-at-Lauradocx/
https://noypi.com.ph/florante-at-laura-buod/
https://brainly.ph/question/519067/
https://philnews.ph/2019/06/27/tayutay-uri-at-halimbawa/
https://youtu.be/dCIAnUBBXxg

**SUSI SA PAGWAWASTO**

**Mga Sagot:**
**Unang pagsubok**
1. C
2. A
3. D
4. B
5. A
6. B
7. D
8. A
9. A
10. C

**Gawain C**
1. B
2. E
3. C
4. A
5. D

**Pangwakas na Pagsusulit**
1. C
2. D
3. A
4. B
5. A
6. B
7. D
8. A
9. C
10. A